Araling Panlipunan Quiz No. 3 - Reviewer

**1. Kung ihahambing sa ibang mga bansa ang Pilipinas, masasabing higit itong pinagpala. Bakit kaya?**

I. Mayaman ito sa mga likas na yaman

II. Magagaling ang ating mga yamang tao.

III. Madami at makapal ang populasyon ng Pilipinas

IV.Maraming bilang ng mga kapuluan ang Pilipinas

A. I at II

B. I at III

C. I at IV

D. I lamang

**2. Ano ang tawag sa pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.**

A. Kayamanang likas

B. Likas kayang pag-unlad

C. Kakayahang manakop ng ibang bansa

D. Likas na kakayahang mag-angkin ng yaman ng iba

**3. Ang likas kayang pag-unlad ay kilala rin sa tawag na ________________.**

A. Environmental Sustainment

B. Sustainable Development

C. Sustainable Environment

D. Environmental Development

**4. Bakit kailangan ang sustainable development o ang likas kayang pag-unlad?**

A. Upang magkaroon ng isang alternatibong kaunlaran sa harap ng lumalalang krisis pangkalikasan

B. Upang maiwasan ang tuluyang pagkasira at pagkawasak ng kalikasan

C. Pagsaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan

D. Lahat ng nabanggit ay tamang sagot

**5. Ang pamahalaan ay nagsasagawa ng iba't ibang istratehiya upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao. Alin ang hindi kabilang dito:**

A. Pagsama ng mga usaping pangkalikasan sa paggawa ng desisyon

B. Pagsama ng mga isyung pampopulasyon at kapakanan ng nakararami sa pagpaplano ng pag-unlad

C. Pagbabawas ng paglaki ng mga rural na lugar

D. Hindi pagpapaigting ng edukasyong pangkalikasan.

**6. Ito ang pinakamalaking organisasyong intergubernamental sa mundo.**

A. United Kingdom

B. United Nations

C. Commision of Nations

D. World and Nations

LIVEWORKSHEETS

**7. Ito ay binuo noong 1987 upang pag-aralan ang suliraning pandaigdigan ukol sa kalikasan at kung paano matutugunan ang mga ito.**

A. World Commission on Environment and Development
B. World Commission on Environmental Protection
C. Commision on Protection of the Environment
D. World Commission on Environment and Protection

**II. Buuin ang pangungusap. Piliin sa Hanay B ang mga posibleng sagot sa Hanay A.**

_____ 1. Ang likas kayang pag-unlad ay ______.

_____ 2. Ang likas kayang pag-unlad ay mahalaga dahil ______.

_____ 3. Ang mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa ay ______.

_____ 4. Bilang isang mag-aaral, ang magagawa ko bilang pakikiisa sa likas kayang pag- unlad ay ______.

______ 5. Mahalagang makilahok sa mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng gawaing likas kayang pag-unlad dahil ______.

A. Pagpapaganda o pagsasaayos ng mga nasirang ecosystem

B. Ito ay pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalang-alang sa kakayahan at abilidad ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.

C. Dahil naipapakita ng gawaing ito ang pagpapahalaga sa mga gawaing may kinalaman sa paglinang sa likas kayang pag-unlad.

D. Dahil naipapakita ng gawaing ito ang pagpapahalaga sa mga gawaing may kinalaman sa paglinang sa likas kayang pag-unlad.

E. Dahil sa gawaing ito ay naagapan ang mga suliranin sa kapaligiran gaya ng pagkasira ng mga yamang likas

LIVEWORKSHEETS